


5

# Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan Agrikultura – Modyul 3: “Kulisap at Peste! Puksain Na!”



**Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Agrikultura – Modyul 3: “Kulisap at Peste! Puksain Na!”  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arlene D. Maderazo  
**Editor:** Wilma S. Carreon, Gina J. Galvez, Gary B. Mosquito  
**Tagasuri:** Medarlou A. Genoguin, Arlene G. Olamit  
**Tagalapat:** Eugene S. Ignacio  
**Tagapamahala:**  
Ramir B. Uytico  
Arnulfo M. Balane  
Rosemarie M. Guino  
Joy B. Bihag  
Ryan R. Tiu  
Judella R. Lumpas  
Margarito A. Cadayona, Jr.  
Jose B. Mondido  
Francisco L. Bayon-on, Jr.  
Amer L. Santolorin  
Medarlou A. Genoguin

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte  
Telefax: 053 – 323-3156  
E-mail Address: region8@deped.gov.ph

**Edukasyong Pantahanan  
at Pangkabuhayan  
Agrikultura – Modyul 3:  
“Kulisap at Peste! Puksain Na!”**

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **E.P.P. - Ikalimang Baitang** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa Araling **Agrikultura – Kulisap at Peste! Puksain Na!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa  
**Agrikultura – Kulisap at Peste! Puksain Na!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.



**Alamin**

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



**Subukin**

Sa pagsusulit na ito, masusubukan natin kung ano ang dati mong alam sa aralin na nakapaloob sa modyul.



**Balikan**

Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.



**Tuklasin**

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa iba't ibang paraan, maaaring isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon atbp.



**Suriin**

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



**Pagyamanin**

Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



**Isaisip**

Naglalaman ito ng mga katanungan o gawain na susukat sa natutunan mo sa aralin.



**Isagawa**

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman at kasanayan sa tunay na buhay.



**Tayahin**

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.



### **Karagdagang Gawain**

Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.



### **Susi sa Pagwawasto**

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

### **Sanggunian**

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



## ***Alamin***

Tungkol saan ang Modyul na ito?

Mayroon ba kayong halamanan sa bahay? Ano-ano ang mga tanim ninyo? Paano ninyo ito pinangangalagaan? Kung itoy inalagaan nagkakaroon ba ito ng maraming produkto? Mahalagang matutunan ang tamang pagpuksa sa mga kulisap at peste sa mga halaman ninyo. Tuturuan ka ng modyul na ito kung paano ang masistemang paggamit sa pamatay kulisap at peste.

Matutunan mo sa modyul na ito ang wastong paraan ng pagpuksa ng mga peste at kulisap.

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, inaasahang kaya mo nang:

- Ipaliwanag ang maidudulot na kapakipakinabang sa paggamit ng pamuksa ng kulisap at peste.
- Sundin ang masistemang paggamit ng mga pamatay kulisap at peste na may pag-iingat
- Sugpuin ang mga kulisap at peste na sumisira sa mga pananim sa pamamagitan ng pagsunod sa mga masistemang paraan (EPP5AG-0c-6).



## Subukin

### Gawain 1

Bilang paghahanda sa aralin, subukang sagutin ang mga sumusunod na mga tanong. Piliin ang titik nang tamang sagot at isulat sa kwaderno.

1. Alin sa mga sumusunod na uri ng halaman ang mabisang pestisidyo gamit ang tuyong dahon nito?  
A. ilang-ilang  
B. siling labuyo  
C. tabako  
D. anahaw
2. Dapat bang puksain ang mga insektong kumakain ng mga dahon?  
A. Oo  
B. hindi tiyak  
C. hindi  
D. hindi alam
3. Mainam bang gamiting pamatay ng kuto ang sili, sibuyas at luya?  
A. Oo  
B. hindi tiyak  
C. hindi  
D. hindi alam
4. Anong uri ng halaman ang pinakamabisang *insect repellants* na madalas na ginagamit ng mga magsasaka?  
A. *Lemon Grass*  
B. *Watermelon*  
C. Ilang-ilang  
D. *Spring Onion*
5. Ito ay isang uri ng pananim na ginagawang pestisidyo ang pinatuyo at dinikdik na bunga nito at mainam ibudbod sa mga halamang pinamumugaran ng mga insekto.  
A. kamyas  
B. kamatis  
C. pulang sili  
D. atis



## Gawain 2

**Panuto:** Iwasto ang pagkakasulat ng mga salitang may salungguhit sa bawat bilang.  
Isulat ang tamang sagot sa iyong kwaderno.

*Halimbawa;*

**OADRREM CLSEA** – ito ay isang uri ng peste na sobrang mapaminsala sa mga punongkahoy.

Sagot: **ARMORED SCALE**


1. **ALYD UGB** – ang pesteng ito ay madalas umatake sa mga dahon ng halaman na mabilis naman nitong ikinasisira. Maaaring puksain ang mga ito gamit ang pagpapausok.
2. **HADPSI** – ang pesteng ito ay naninirahan sa mga dahon at nagiging dahilan ng pagkasira at pagkabulok nito. Maaaring puksain ang mga ito sa pamamagitan ng dinurog na sili, sibuyas at luya.
3. **NRGI RBORE** – ang pesteng ito ay madalas na naninirahan sa mga tuyong dahon at iba pang mga sirang bagay. Pwedeng puksain ang insektong ito gamit ang *Methyl Parathion*.
4. **NPLTA OPRSPHE** – Mabilis itong dumami sa pamamagitan ng pangingitlog sa mga malalagong damuhan. Pinupuksa ang mga ito sa pamamagitan ng (*NIA*) *Natural Insect Attractant* na gawa sa pinaghalong suka/tuba at asukal/*molasses*.
5. **ELFA EORLRL** – mabilis itong umatake sa mga dahon ng mga halaman gulay at binubutas ang mga ito. Mabilis itong mapuksa gamit ang *NIA* o *Natural Insect Attractants*.

## Aralin

# 1

## Kulisap at Peste! Puksain Na!

Ang paghahalamang gulay ay nangangailangan ng sapat na atensiyon upang maiwasan ang pagkasira ng mga ito. Ang regular na paglilinis sa paligid ay dapat isaalang-alang upang maiwasan ang pag-atake ng mga peste at kulisap na maaaring maging sanhi ng pagkasira ng mga halaman at pagkabulok ng mga bunga nito.



### ***Balikan***

Sa nakaraang aralin, nabanggit ang mga pamamaraan sa wastong pangangalaga ng mga halaman. Subukang balikan ang mga ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Suriin ang iba't ibang paraan ng pag-aalaga ng halaman. Sagutin ng **Tama** kung ito ay nagpapahayag ng wastong pamamaraan at **Mali** kung hindi. Gawin ito sa iyong kwaderno.

- \_\_\_\_\_ 1. Siguraduhing maayos at nasa mabuting kondisyon ang lahat ng mga kasangkapang gagamitin sa paghahalaman.
- \_\_\_\_\_ 2. Gumamit ng *PPE's* o *Personal Protective Equipment* kung magtatanim o maglilinis sa halamanan.
- \_\_\_\_\_ 3. Iwasang maligo at maghugas ng kamay pagkatapos ng mga gawain at pagkagaling sa halamanan.
- \_\_\_\_\_ 4. Iwasang hawakan ang mata o anumang parte ng mukha habang naglalagay ng abonong organiko.
- \_\_\_\_\_ 5. Siguraduhing hindi nakatapak sa lupang basa upang hindi madulas.



## **Tuklasin**

Maraming mga paraan nag pwedeng isaalang-alang sa wastong pangangalaga ng mga halamang gulay. Ilan sa mga ito ay ang pag-aalaga na ginagamitan ng organikong pamamaraan upang mapangalagaan ang kapaligiran at maiwasan ang pagkasira ng lupa.

Sa pagpapatuloy ng aralin, kilalanin ang mga mapaminsalang kulisap o peste at alamin ang ilang mga karagdagang paraan ng pagsasagawa ng organiko at masistemang pagpuksa sa mga ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga pagsasanay.

### **Gawain 1**

**Panuto:** Sagutin ang bawat bilang at piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Gawin ito sa kawaderno.

<i>Leaf Roller</i>	Tabako
<i>Aphids</i>	Luya, Sibuyas, Siling Labuyo
<i>Lady Bug</i>	

- \_\_\_\_\_ 1. Ito ay isang uri ng organikong pestisidyo na kailangan tadtarin ng pino ang bawat sangkap at sabay-sabay na pakuluan ng 1 hanggang 2 minuto.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang pesteng ito ay naninirahan sa mga dahon at nagiging dahilan ng pagkasira at pagkabulok nito. Maaaring puksain ang mga ito sa pamamagitan ng organikong pestisidyo.
- \_\_\_\_\_ 3. Mabilis itong umatake sa mga dahon ng mga halamang gulay at binubutas ang mga ito. Mabilis itong mapuksa gamit ang *NIA o Natural Insect Attractants*.
- \_\_\_\_\_ 4. Uri ng organikong pestisidyo na tuyong dahon ang ginagamit at kailangan pakuluan at palamigin muna sa isang lalagyan bago gamitin. Maaari itong ibomba sa mga halaman na mayroong matinding pinsala.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pesteng ito ay madalas umatake sa mga dahon ng halaman na mabilis naman nitong ikinasisira. Maaaring puksain ang mga ito gamit ang pagpapausok.

## Gawain 2

**Panuto:** Sagutin ng **Tama** kung ang pahayag ay nagsasaad ng wasto at **Mali** kung hindi. Gawin ito sa inyong kwaderno.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang paggamit ng organikong pestisidyo ay nakatutulong upang maiwasan ang pagkasira ng kalikasan.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang pagpapasok sa mga puno at halaman ay nakatutulong para puksain ang mga peste o kulisap.
- \_\_\_\_\_ 3. Iwasang alisin ang mga kulisap at peste na kumakain sa mga halaman upang ito ay dumami.
- \_\_\_\_\_ 4. Mainam na pandilig ang pinaghalong dinurog na sili o katas ng Neem Tree sa tubig.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pagtanim ng mga insect repellants gaya ng lemon grass ay hindi epektebo bilang pamuksa sa mga insekto, kulisap o peste.



## ***Suriin***

Maraming mga insekto ang mapanira sa mga halamang gulay at ito ay nagdudulot nang pagkalugi para sa mga magsasaka. Mula sa pagpupunla hanggang sa pag-aani, hindi maiwasan ang paglaganap at pag-atake ng iba't-ibang insekto. Kaya naman, ang mga magsasaka ay gumagamit ng iba't-ibang pamamaraan ng pagpuksa nito kagaya ng paggamit ng mga organikong pestisidyo at ang iilan naman ay hindi maiwasang gumamit ng mga kemikal na nakasisira sa kalikasan at may masamang dulot sa kalusugan ng tao at may iilan ding gumagamit ng mekanikal na pamamaraan o ang pagpuksa gamit ang kamay lamang.

Alamin at kilalanin ang iba't ibang kulisap at insekto na madalas umatake sa mga halamang gulay at kung paano mapupuksa ang mga ito.

- ***Armored scale (Family diaspididae)*** – ang pesteng ito ay sobrang mapaminsala sa mga punongkahoy. Mahalagang panatilihing malinis palagi ang buong kapaligiran na maaaring pagpugaran ng mga ito.
- ***Ring Borer, lady bug, black bug at Gamugamo*** – ang pesteng ito ay madalas na naninirahan sa mga tuyong dahon at iba pang mga sirang bagay. Pwedeng puksain ang insektong ito gamit ang *Methyl Parathion*. Upang maiwasan ang pagdami ng mga ganitong uri ng insekto, panatilihing malinis ang buong kapaligiran at siguraduhing walang mga nakatambak na basura.
- ***Aphids*** – ang pesteng ito ay naninirahan sa mga dahon at nagiging dahilan ng pagkasira at pagkabulok nito. Maaaring puksain ang mga ito sa pamamagitan ng dinurog na sili, sibuyas at luya.
- ***Plant Hoppers*** – Mabilis itong dumami sa pamamagitan ng pangingitlog sa mga malalagong damuhan. Pinupuksa ang mga ito sa pamamagitan ng (*NIA*) *Natural Insect Attractant* na gawa sa pinaghalong suka/tuba at asukal/*molasses*.
- ***Leaf Roller*** – mabilis itong umatake sa mga dahon ng mga halamang gulay at binubutas ang mga ito. Mabilis itong mapuksa gamit ang *NIA* o *Natural Insect Attractants*. Mainam din na magtanim ng mga *insect repellants* sa paligid ng mga kamang taniman tulad ng tanglad o *lemon grass*.
- ***Webworm*** – ito ang pinakamabilis puksain sa lahat ng mga insekto/kulisap. Kailangan lamang sunugin ang mga sapot nito kasama ang uod upang hindi na ito muling makapaminsala.


- **Lady bug** – ang pesteng ito ay madalas umatake sa mga dahon ng halaman na mabilis naman nitong ikinasisira. Maaaring puksain ang mga ito gamit ang pagpapausok.

#### Mga Organikong Pamamaraan ng Pagsugpo sa Kulisap at Peste

Ang peste at kulisap ang mga pangunahing dahilan ng pagkasira ng mga pananim. Maraming mga paraan ang pwedeng gawin upang sugpuin ang pag-atake ng mga ito. Ang pinakamainam at ligtas na pamamaraan ay ang paggamit ng mga organikong pestisidyo na mainam sa kapaligiran at walang masamang epekto sa kalusugan ng tao.

Narito ang ilan sa mga organikong pestisidyo at mga hakbang sa tamang paggawa at paggamit ng mga ito:

1. Tabako – magpakulo ng tuyong dahon ng tabako at palamigin sa isang lalagyan. Tuwing gagamit nito, kumuha lamang ng isang bahagi at haluan ng tubig. Maaari itong ibomba sa mga halaman na mayroong matinding pinsala. Ito ay mainam sa lahat ng uri ng insketo.
2. Pulang Sili – ito ay isang uri ng pananim na ginagawang pestisidyo ang pinatuyo at dinikdik na bunga nito at mainam ibudbod sa mga halamang pinamumugaran ng mga insekto.
3. Luya, Sibuyas, Siling Labuyo – tadtarin ng pino ang bawat sangkap at sabay-sabay na pakuluan ng 1 hanggang 2 minuto. Palamigin at ilagay sa isang malinis na lalagyan. Sa paggamit nito, kumuha ng 3-4 na bahagi ng tubig at ihalo sa isang bahagi ng pinakuluang mga sangkap.
4. Gas at Sabon – paghaluin lamang ang tig  $\frac{1}{4}$  na mga sangkap sa isang litrong tubig at ibomba sa sa mga halaman na may maraming mga insekto.
5. Atis – durugin lamang ang mga buto nito at haluan ng tubig. Ibomba sa mga halamang madalas na pinagpupugaran ng mga langgam at iba pang mga insekto.
6. Abo ng Kahoy – maaari itong ihalo sa tubig na may sabon at magkasindaming bahagi ng abo at pinulbos na apog o ibudbod sa paligid ng mga halaman. Ibomba ito sa mga halamang inaatake ng mga pinong insekto.



## *Pagyamanin*

Sa pagpapatuloy ng aralin, masusukat mo kung gaano na kalawak ang mga bagay na natutunan mo sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

**Panuto:** Kopyahin sa kwaderno ang pagsasanay at punan ang patlang ng tamang sagot.

1. Ang \_\_\_\_\_ ay ang pinakamabilis puksain sa lahat ng mga insekto/kulisap. Kailangan lamang sunugin ang mga sapot nito kasama ang uod upang hindi na ito muling makapaminsala.
2. Magpakulo ng tuyong dahon ng \_\_\_\_\_ at palamigin sa isang lalagyan. Tuwing gagamit nito, kumuha lamang ng isang bahagi at haluan ng tubig. Ito ay mainam sa lahat ng uri ng insketo.
3. Ang \_\_\_\_\_ ay isang uri ng pananim na ginagawang pestisidyo ang pinatuyo at dinikdik na bunga nito at mainam ibudbod sa mga halamang pinamumugaran ng mga insekto.
4. Ang \_\_\_\_\_ ay isang uri ng peste na naninirahan sa mga dahon at nagiging dahilan ng pagkasira at pagkabulok nito. Maaaring puksain ang mga ito sa pamamagitan ng dinurog na sili, sibuyas at luya.
5. Durugin lamang ang mga buto ng \_\_\_\_\_ at haluan ng tubig. Ibomba sa mga halamang madalas na pinagpupugaran ng mga langgam at iba pang mga insekto.



## Isaisip

Ano pa ba ang mga dapat mong alamin?

Kailangang gumamit lamang ng organikong pamuksa sa peste dahil wala itong masamang epekto sa katawan ng tao. Hindi madali ang paggawa ng organikong pamuksa. Kailangan itong paglaanan ng oras, wastong atensyon at masusing pag-iingat. Mahirap itong gawin kaysa sa mga kimikal at artipisyal na madaling mabibili sa tindahan. Dapat mong malaman na may mga paraan na nakakatulong din sa pagpigil sa mga insekto tulad ng *intercropping* o ang pagtanim ng iba't ibang klaseng halamang gulay sa isang taniman.

### Gawain 1

**Panuto:** Punan ang sumusunod na talahanayan.

Anu-ano ang mga uri ng peste o kulisap na iyong natutuhan?	Anu-ano ang mga organikong pamamaraan ng pagpuksa sa mga peste o kulisap?
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.

### Gawain 2

**Panuto:** Kompletuhin ang sumusunod na pahayag.

Ang paggamit ng \_\_\_\_\_ pamamaraan ng pagpuksa ng mga \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_ ay nakatutulong sa kalikasan at naiiwasan ang tuluyang pagkasira ng lupa.





## Isagawa

Sa tulong at gabay ng mga magulang o nakatatandang kapatid, gawin ang iba't ibang paraan ng pagpuksa ng peste at kulisap. Habang ginagawa ito ay bigyan ng iskor ang sariling paggawa gamit ang rubriks sa ibaba.

1. Paghahalo ng dinurog na sili, sibuyas at luya sa tubig na pandilig.
2. Pagpapasok sa mga puno at halaman gamit ang mga tuyong dahon.
3. Pag-aalis sa mga uod, kulisap na nakikita sa mga dahon at sanga.
4. Mag lagay ng *Attractants* gawa sa pinaghalong suka at asukal. Ikabit sa halaman na nakabitin.
5. Magtanim ng mga *insect repellants*.

Kriterya	Iskor			
	20	15	10	5
Tamang pagpakita ng pamamaraan sa pag-gamit ng organikong pamatay kulisap	Naipakita ang lahat na paraan sa paggamit ng organikong kulisap ng tama	Isang paraan sa paggamit ng oragnikong kulisap ay hindi naipakita	Dalawang paraan sa paggamit ng oragnikong kulisap ay hindi naipakita	Tatlong o higit pang paraan sa paggamit ng oragnikong kulisap ay hindi naipakita
Nasusunod-sunod ang mga hakbang sa paggawa ng mga organikong pamatay kulisap	Nasusunod ang lahat ng hakbang sa paggawa ng mga organikong pamatay kulisap	May isang hakbang ang hindo nasunod sa paggawa ng mga organikong pamatay kulisap	May dalawang hakbang ang hindo nasunod sa paggawa ng mga organikong pamatay kulisap	May talo o higit pang hakbang ang hindo nasunod sa paggawa ng mga organikong pamatay kulisap
Nagpapakita ang kawilihan sa paggawa	Naipakita ang kawilihan sa paggawa ng buong puso at pagmamalaki sa sarili	Naipakita ang kawilihan sa paggawa na na may pagmamalaki sa sarili	Naipapakita ang kawilihan sa paggawa	Hindi naipakita ang kawilihan sa paggawa
Nagpapakita ang magandang kaugalian sa paggawa	Naipakita ang magandang kaugalian sa paggawa sa lahat ng pagkakataon (all the time)	Naipapakita ang maganadang kaugalian sa paggawa sa halos lahat ng panahon (most of the time)	Naipapakita ang magandang kaugalian sa paggawa paminsan-minsan (seldom)	Hindi naipakita ang magandang kaugalian sa paggawa. (never)



## Tayahin

### Gawain 1

**Panuto:** Piliin ang titik ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong kwaderno.

1. Anong uri ng pamamaraan ng pagpuksa ng peste ang ginagamitan ng mga kamay?  
A. mekanikal  
B. kemikal  
C. *attractants*  
D. *insect repellent*
2. Alin sa mga sumusunod ang organikong paraan ng pagsugpo ng mga kulisap o peste?  
A. pagpapa-usok  
B. pag-abono  
C. pagbubungkal  
D. pagdidilig
3. Alin sa mga sumusunod na kulisap ang bumubutas ng mga dahon?  
A. *Webworm*  
B. *Ladybug*  
C. *Plant hopper*  
D. *Leaf Roller*
4. Alin sa mga sumusunod ang pinakamabisang organikong pamuksa ng peste?  
A. dinurog na *carrots* at singkamas  
B. dinurog na bawang  
C. dinurog na paminta na may suka  
D. dinurog na sili, sibuyas at luya
5. Alin sa mga sumusunod ang napupuksa sa pamamagitan ng pagputol at pagsunog ng sapot na kasama ang uod?  
A. *Leaf rollers*  
B. *Plant hoppers*  
C. *Armored Scale*  
D. *webworm*

## Gawain 2

**Panuto:** Punan ang bawat patlang sa pangungusap ng tamang sagot. Gawin ito sa iyong kwaderno.

1. Tadtarin ng pino ang mga \_\_\_\_\_ at sabay-sabay na pakuluan ng 1 hanggang 2 minuto. Palamigin at ilagay sa isang malinis na lalagyan. Sa paggamit nito, kumuha ng 3-4 na bahagi ng tubig at ihalo sa isang bahagi ng pinakuluang mga sangkap.
2. Ang \_\_\_\_\_ ay uri ng pesteng mabilis umatake sa mga dahon ng mga halamang gulay at binubutas ang mga ito. Mabilis itong mapuksa gamit ang *NIA* o *Natural Insect Attractants*.
3. Ang \_\_\_\_\_ ay madalas umatake sa mga dahon ng halaman na mabilis naman nitong ikinasisira. Maaaring puksain ang mga ito gamit ang pagpapausok.
4. Ang \_\_\_\_\_ ay isang uri ng pananim na ginagawang pestisidyo ang pinatuyo at dinikdik na bunga nito at mainam ibudbod sa mga halamang pinamumugaran ng mga insekto.
5. Maaaring ihalo ang \_\_\_\_\_ sa tubig na may sabon at magkasindaming bahagi ng abo at pinulbos na apog o ibudbod sa paligid ng mga halaman. Ibomba ito sa mga halamang inaatake ng mga pinong insekto.



## ***Karagdagang Gawain***

Sa gabay ng inyong magulang o ibang nakakatanda, isagawa ang mga pamamaraan ng pagpuksa sa mga kulisap at peste sa inyong sariling halamanan. Isulat ito sa sumusunod na talahanayan.

Mga Pamamaraan ng Pagpuksa sa mga Kulisap at Peste	Petsa	Remarks
<i>Halimbawa:</i> Paglagay ng dinurog na sili, sibuyas at luya sa pandilig	_____	_____



## Susi sa Pagwawasto

<p><b>Subukin</b></p> <p>Gawain 1</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. C</li> <li>2. A</li> <li>3. A</li> <li>4. A</li> <li>5. C</li> </ol> <p>Gawain 2</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Lady Bug</li> <li>2. Aphids</li> <li>3. Ring Borer</li> <li>4. Plant Hoppers</li> <li>5. Leaf Roller</li> </ol>	<p><b>Tuklasin</b></p> <p>Gawain 1</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Luya, Sibuyas, Siling Labuyo</li> <li>2. Aphids</li> <li>3. Leaf Roller</li> <li>4. Tabako</li> <li>5. Lady Bug</li> </ol> <p>Gawain 2</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Tama</li> <li>2. Tama</li> <li>3. Mali</li> <li>4. Tama</li> <li>5. Mali</li> </ol>	<p><b>Isagawa</b></p> <p>Gamitin ang <i>rubric</i> sa pagtatama</p>
<p><b>Balikan</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Tama</li> <li>2. Tama</li> <li>3. Mali</li> <li>4. Tama</li> <li>5. Tama</li> </ol>	<p><b>Tayahin</b></p> <p>Gawain 1</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. A</li> <li>2. A</li> <li>3. D</li> <li>4. D</li> <li>5. D</li> </ol> <p>Gawain 2</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Luya, Sibuyas, Siling Labuyo</li> <li>2. Leaf Roller</li> <li>3. Lady bug</li> <li>4. Pulang Sili</li> <li>5. Abo ng Kahoy</li> </ol>	<p><b>Pagymanin</b></p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Webworm</li> <li>2. Tabako</li> <li>3. Pulang Sili</li> <li>4. Aphids</li> <li>5. Atis</li> </ol>

## ***Sanggunian***

Peralta, Gloria A., et al. *Kaalaman at Kasanayan tungo sa Kaunlaran 5*

Samadan, Eden F., et al., *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4*

*Curriculum Guide* in Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 5,  
(EPP5AG-0c-6)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)